

MGA KASAYSAYAN NG PROPESIYA



Pinatutunayan ng mga Propeta

1 Hari 22:1-40

Ang Kasaysayan...

Si Ahab, ang masamang hari ng Israel, ay nais na maibalik ang bayan ng Ramoth-gilead mula sa Syria. Nguni't kinakailangan niya ng tulong, kaya lumapit siya sa mabuting Haring Jehoshapat ng Judah upang umanib sa kanya laban sa kanilang kaaway. At nagwika ang Hari Jehoshapat na nais niyang magsama ang kanilang pwersa ni Ahab, subati't kailangan muna nila ang payo ng Dios.

Si Ahab ay nilaspastangan na ang Panginoon noon pa man, sa paraan ng pagsamba sa dios ng mga pagano na si Baal, kaya nga, tinawag niya ang 400 upahang propeta upang lumapit sa dalawang hari. Sa pambihirang tanawin, ang mga bulaang propeta ay nagwika ng “Sulong, at



labanan ninyo ang mga Syriano, at kayo'y magtatagumpay!” Subali't ang Haring Jehoshaphat ay humiling na pakinggan ang tunay na propeta ng Panginoon. At sinabi ni Ahab na iisa na lamang ang natitirang propeta ni Jehovah at 'yon ay walang iba kundi si Micheas, subali't ang sabi niya, “Namumuhi ako sa kanya, dahilan sa hindi siya nagbabadya ng magandang ulat sa akin, kundi masama.” Talatang 8. Sa pamimilit ni Jehoshapat, ay atubiling nagutos si Ahab na sunduin si Micheas. Ang matapang na propeta ay dumating at nagsabi ng hindi kanaisnais na pahayag. Sinabi niya kay Ahab na siya ay mamamatay sa pakikidigma laban sa Syria. Ngayon, si Ahab ay nahaharap sa matindi at mabigat na pagpapasya. Maniniwala ba siya sa 400 propeta na nagsasabi ng magagandang bagay sa kanya, o sa nagiisang propeta ng Panginoon? Ang matigas ang loob na haring Ahab ay nagmungkahi kay Jehosapat na baliwalain ang babala ni propeta Micaiah at samahan siya sa labanan. Inakala niyang kaya niyang maisahan ang

22

Panginoon sa pagsusuot ng damit pandigma at iwasan ang unang hanay sa digmaan. Subalit huli na nang matutuhan niya na hindi mo matatakan ang Salita ng Dios. Habang naglalaban, isang pana ang sumalimpad sa himpapawid at tumama sa dugtungang bahagi ng kanyang damit pandigma, at siya'y duguang namatay sa kanyang karwahe. Nagbabala si Jesus na magkakaroon ng mga bulaang propeta sa huling mga araw (Mateo 24:11). Kaya nga dapat nating malaman ang pagkakaiba ng totoo sa mga huwad. Ito ay maaring buhay o kamatayan.



Ang Pag-aaral...

Punan ang mga puwang pagkatapos na basahin ang bawat talata ng Biblia.

1. Kanino ihahayag ng Panginoon ang Kanyang mga pangwakas na panukala?

Amos 3:7 Tunay na ang Panginoong Dios ay walang gagawin, kundi kanyang ihahayag ang kanyang lihim sa Kaniyang mga lingkod na

2. Magkakaroon ba ng kapwa tunay at bulaang propeta sa huling mga araw?

Mateo 24:11 At magsisibangon ang maraming _____ propeta, at kanilang ililigaw ang marami.

Act 2:17 At mangyayari sa mga huling araw, sabi ng Dios, Na ibubuhos ko aking _____ sa lahat ng laman. At ang inyong mga anak na _____ at _____ ay mangangbuhula,

PALIWANAG: Oo, magkakaroon ng kapwa totoo at bulaang propeta sa huling panahon. Ang Kasulatan din ay nagsasabi na ang propeta ay maaring lalaki o babae.

3. Anong uri ng bulaang propeta ang tinutukoy sa Biblia?

- A. "Isa ... na gumagamit ng panghuhula." Deut. 18:10
- B. Tagamasid ng panahon (Astrologo)." Deut. 18:10
- C. "Isang manggagaway. (Mahikero)." Deut. 18:10
- D. "Isang mangkukulam." Deut. 18:10.
- E. "Enkatador, Mapanghalina (Taong gumamit ng bulong)." Deut. 18:11.
- F. "Nakikipagsanggunian sa mga masasamang espiritu (Espiritista)." Deut. 18:11.
- G. "Nagmamasid ng mga pamahiin." Deut. 18:11.
- H. "Nakikipagsanggunian sa mga patay." Deut. 18:11.


PALIWANAG: Ang Deuteronomio 18:9-12 ay nagpapahayag na lahat ng gumaganap ng mga bagay na ito ay "karumaldumal" sa Panginoon. Sa ganitong dahilan, ang Kristiano ay nararapat na walang kinalaman sa mga bagay na ito.

4. Ang Iglesia ba ng Dios sa huling panahon ay may kaloob ng propesiya?

Apok. 12:17 At nagalit ang dragon sa babae, at umalis upang bumaka sa nalabi sa kanyang binhi, na siyang nagsisitupad ng mga utos ng Dios, at may mga _____ ni Jesus.

Apok. 19:10 Ako'y kapuwa mo alipin at ng iyong mga kapatid na mayroong patotoo ni Jesus: sambahin ang Dios: sapagkat ang patotoo ni Jesus ay ang _____

PALIWANAG: Natutuhan natin sa Leksyon 17, Ang Iglesia ng Dios sa huling panahon ay "may patotoo ni Jesus," na ito ay "Ang Espiritu ng Propesiya." Sa paghahambing ng Apok. 19:10 at 22:9, makikita natin na ipinaliwanag ng anghel na ang "mga kapatid" ni Juan na may taglay ng espiritu ng propesiya ay "mga propeta" at "mga tumutupad sa sulat ng aklat na ito." Sa I Kor. 1:5-8, ay sinulat ni Pablo na ang Iglesia ay "may patotoo ni Kristo" at "hindi nagkulang sa mga kaloob" hanggang sa ikalawang pagparito ni Jesus. Kaya nga ang Iglesya ng Dios sa mga huling araw ay mayroon pa ring espiritu ng propesiya.



5. Sa paanong paraan nakikipagusap ang Panginoon sa mga totoong propeta?

Bilang 12:6, 8 *Kung mayroon sa gitna ninyo na isang propeta, akong Panginoon ay pakikilala sa kaniya sa _____, at kakausapin ko siya sa _____ ... sa kaniya'y makikipagusap ako ng _____, sa bibig.*

Zac. 4:1 *At a _____ na nakipagusap sa akin ay bumalik, at ginising ako, na gaya ng tao na nagigising sa kaniyang pagkakatulog.*

PALIWANAG: Ang Panginoon ay nagsasalita sa Kanyang mga propeta sa pamamagitan ng mga pangitain, sa panaginip, mukha sa mukha, at sa mga anghel. Bolang kristal, pagbasa sa guhit ng palad, pagbasa sa dahon, pagtanaw sa mga bituin, at pagaangkin na nakikipag usap sa mga espiritu at patay ay hindi paraan ng Dios upang makipagtalastasan sa kanyang lingkod na propeta.

6. Ang mga himala ba ay tiyak na katibayan ng tunay na propeta?

Apok. 16:14 *Sapagka't sila'y mga espiritu ng mga _____, na nagsisigawa ng _____; na pinaroroonan nila ang mga hari sa buong sanlibutan.*

PALIWANAG: Hindi, ang himala ay hindi katibayan ng pagiging tunay na propeta. Isang bagay lamang ang pinatotohan nito—kakaibang kapangyarihan. Nguni't ang kapangyarihang ito ay maaaring manggaling sa Panginoon o kay Satanas. Kaya nga dahil dito'y sinabi ng ating Panginoon: “Huwag kayong magsipaniwala sa bawa't espiritu, kung sila'y sa Dios: sapagka't maraming nagsilitaw na mga bulaang propeta sa sanglibutan.

7. Ano ang pinakamahalagang pagsubok ng isang propeta?

Isaiah 8:20 *Sa _____ at sa _____ Kung hindi sila magsalita ng ayon sa salitang ito, tunay na walang umaga sa kanila.*

PALIWANAG: Ang “Kautusan at ang patotoo” ay isang Matandang Tipang salita na tumutukoy sa “Biblia”. Sa makatuwid bagay, ang mensahe mula sa isang nag-aangking nakapagsasalita mula sa Diyos ay dapat na ihalintulad sa Biblia. Sinomang totoong propeta ng Diyos ay sumasang-ayon ng 100 porsyento sa sinasabi ng Kasulatan. Ito ang tunay na pagsubok.

8. Ano ang ikalawang pagsubok ng isang propeta?


I Juan 4:2 *Dito'y nakikilala ninyo ang Espiritu ng Dios: ang bawa't espiritong nagpapahayag na _____ ay naparitong nasa laman ay sa Dios.*

PALIWANAG: Ang propeta ng Dios ay kinakailangang tanggapin at ituro ang katotohanan tungkol kay Jesu Kristo—na Siya ay Dios sa anyong tao. Ang totoong mga propeta ay kailangan ding luwalhatiin si Jesus, hindi ang kanilang mga sarili. Karamihan sa mga bulaang propeta ay humahatak ng pansin palayo sa salita ng Dios patungo sa kanilang sariling haka-haka o kaisipan.

9. Ano ang pangatlong pagsubok ng isang propeta?

Mateo 7:16 *Sa kanilang mga _____ ay inyong mangakikilala sila.*

PALIWANAG: Hindi ibig sabihin nito na ang propeta ay sakdal. Ang propeta ng Dios ay laging may pagkakamali. Subalit, ang kanilang buhay ay lagi nang naayon sa kanilang mga aral.





10. Ano ang pang-apat na pagsubok ng propeta?

Jeremias 28:9 *Ang propeta, na nanghuhula ng tungkol sa _____, ay makikilala nga siyang propeta, na tunay na sinugo ng Panginoon siya, pagka ang salita ng propeta ay nangyayari.*

PALIWANAG: Ang totoong propeta ay hindi magsasalita ng kabulaanan. Kung ang propeta ay sa Dios, ang kanyang sinabi ay matutupad. Subalit, ang pagiging tumpak ay hindi sapat na dahilan upang sabihin na siya ay totoong propeta. Ang Deuteronomo 13:1-3 ay nagbaba na ang mga bulaang propeta ay nakapagbibigay ng mga tanda na mangyayari at ililigaw ang mga tao na sumunod sa ibang dios. Ang tunay na propeta ay dapat na umakay sa mga tao na sambahin ang Dios sangayon sa Biblia.

11. Anong tatlong bagay ang inutos ni Pablo patungkol sa propesiya?


I Tesalonica 5:20,21 *Huwag ninyong _____ ang mga panghuhula. _____ ninyo ang lahat ng mga bagay, _____ ninyo ang mabuti*

PALIWANAG: Sinasabi ni Pablo na huwag nating hamakin, o tanggihan, ang kaloob ng propesiya. Bagkus, subukin natin ang pabalita ng propeta sangayon sa Kasulatan at sundin kung ano ang mabuti at tama.

12. Kaninong payo ang ating tinatanggihan habang patuloy nating tinatanggihan ang mga salita ng totoong propeta ?

Lucas 7:28-30 *Walang dakila kaysa kay Juan Bautista: ... At pagkarinig ng buong bayan, at ng mga maniningil ng buwis ay pinatotohanan ang Dios ... Datapwat, pinawalang-halaga ng mga Fariseo at ng mga tagapagtanggol ng _____ sa kanilang sarili ang _____ ng Dios.*

PALIWANAG: Kapag tinatanggihan natin ang salita ng totoong propeta, ay tinatanggihan din natin ang payo ng Dios. Anong banal na kaisipan! Sinasabi sa atin ng Biblia na pakinggan natin ang propeta ng Dios at nangangako na lahat ng susunod sa payo ng kaniyang propeta ay giginhawa. 2 Cronica 20:20 Sumampalataya kayo sa Panginoon ninyong Dios, sa gayo'y matatatag kayo; Sumampalataya kayo sa kaniyang mga propeta, sa gayo'y giginhawa kayo. At nagsisibalik sa kanilang pagkaalabok, Iyong sinusugo ang iyong Espiritu, sila'y nangalalang.



Ang Iyong Tugon

Sapagkat ang Dios ay nagsasalita pa rin sa pamamagitan ng propeta, at ang salita ng mga propeta ay ang personal na "patotoo ni Jesus" sa iyo, ikaw ba ay nagnanais na subukin ang makabagong propeta sa pamamagitan ng Biblia at sundin ang payo niyaong mga sumasang-ayon sa kasulatan?

TUGON: _____.

Karagdagan

Ang bahaging ito ay mga dagdag na impormasyon para sa dagdag na pag-aaral.

Makabagong-Panahong Propeta

Noong December 1844, isang grupo ng mga kabataang babaeng Metodista ang nakaluhod sa pananalangin sa Portland, Maine, nang si Ellen Harmon,—isang 17-taong gulang na batang babae na nasa hindi mabuting kalagayan ng kalusugan ay tumanggap ng kanyang unang pangitain. Habang isinasaysay ni Ellen (na naging Ellen White, nang siya ay ikasal sa isang kabataang ministro na si James White) kung ano ang ihinahayag ng Dios sa kanya, ay patuloy siyang tumanggap ng mga pangitain at panaginip sa loob ng 70-taon—hanggang sa kanyang kamatayan noong 1915.

Tulad ng mga naranasan ng mga propeta ng Biblia, mga di-karaniwang pangyayari ang naganap kay Ellen sa panahon ng kanyang mga pangitain. Tulad ni Propeta Daniel, hindi siya humihinga habang nasa pangitain at madalas ay nawawala ang kanyang lakas (Daniel 10:8, 17). Ang ilan sa kanyang mga pangitain ay tumatagal nang hanggang apat na oras at sa panahong 'yan ay hindi rin siya humihinga. Ang mga manggamot na sumusuri sa kanya habang siya ay nasa pangitain ang nagpatotoo nito.

Sa mga ibang pagkakataon, siya ay pinagkakalooban ng di-kapanipaniwalang lakas (Daniel 10:18, 19). Bagaman siya ay tumitimbang lamang ng 95-libras, ang mga saksi ay nakita siyang hawak sa isang nakaunat niyang kamay ang isang malaking Biblia na tumitimbang ng 17-libras sa loob ng 30-minuto samantalang siya ay nasa pangitain. Ang mga ito at iba pang mga di-kapanipaniwalang pangyayari ay nagpapahayag na may misteryosong kapangyarihang sa mga karanasan ng propeta. Gayon man, ang mga ito ay hindi nagsasabi sa atin kung ang propeta ay mula sa Dios o kay Satanas. Kung may nagaangkin ng ganitong kaloob, ang mga Kristiyano ay dapat subukin ito sa pamamagitan ng Biblia kung ito ay may katotohanan.


Ang Apat na Subukan ng Biblia

Sama-sama nating pagaralan kung ang buhay at ministeryo ni Ellen White ay tumutugon sa apat na subukan ng Biblia sa tunay na propeta.

Unang Subukan—Kaisa ng Kasulatan

Basahin ninyo ang alin man sa mga aklat ni Ellen White, at matutuklasan ninyo na ang mga ito ay patuloy kayong aakayin tungo sa Biblia, at ang mga ito ay lubos na sangayon sa mga Kasulatan. Gayon man, hindi niya inaari na ang kanyang mga sinulat ay karagdagan sa Kasulatan. Ang adhikain ng mga ito ay tawagin ang pansin ng mga tao at muli silang ibalik sa mga Kasulatan na siyang tanging pinagmumulan ng katotohanan. Pansinin ninyo ang matinding pahayag ni Ellen na ang Biblia lamang ang tanging tuntunin ng pananampalataya: “Sa ating panahon ay may malawak na paglayo sa mga aral at halimbawa nito, at kailangang bumalik sa simulaing Protestante—ang Biblia, at tanging ang Biblia lamang, ang tuntunin ng pananampalataya at tungkulin.”

Isinulat din niya: “Ang mga nakasulat na mga patotoo ay hindi ibinigay upang magkalaoob ng bagong liwanag, kundi upang gumawa ng mga maliwanag na impresyon sa puso ang mga katotohanang inihayag na. Ang tungkulin ng tao sa Dios at sa kanyang kapwa tao ay maliwanag na tiniyak sa Salita ng Dios; gayon man ay iilan lamang sa inyo ang masunurin sa liwanag na ipinagkaloob. Walang dagdag na katotohanan dito; kundi ang Dios, sa pamamagitan ng mga Patotoo, ay ginawang madaling maunawaan ang mga dakilang katotohanang naipahayag na at sa Kanyang sariling paraan ay ipinakita sa harap ng mga tao upang sila'y gisingin at itatak sa kanilang isipan, upang sila ay walang maidahilan.”



Bagaman mariing sinasabi ni Ellen White na ang kanyang mga sulat ay hindi kinikilalang bahagi ng Biblia, ang mga ito ay kinasihan. Marami sa mga dakilang propeta ng Dios—tulad ni Elias, Eliseo, at Juan Bautista- ay mga kinasihan gayon man sila ay hindi sumulat ng anumang aklat ng Biblia. Ang mga sinulat ni Ellen ay inilalarawang “maliit na liwanag tungo sa malaking liwanag, ang Biblia. Ang mga ito ay kinasihang komentaryo sa Kasulatan, ngunit ang Biblia ay nanatiling siyang sukdulang kapangyarihan.

Ikalawang Subukan—Ituro ang Katotohan Tungkol kay Jesus

Ang mga aklat ni Ellen—tulad ng Bukal ng Buhay (Desire of Ages), Paglapit kay Kristo (Steps to Christ) Christ's Object Lessons, at Thoughts from the Mount of Blessing—ay nangagpapatotoo sa kanyang kaganapan ng pagsubok na ito.

Ikatlong Subukan—Isang Buhay na Maka-Dios

Ang komentaryo ng balitaan (press) sa kamatayan ni Ellen White, ay nagsasabi: “Ang buhay ni Gng. White ay isang halimbawang karapatdapat tularan ng lahat. ... Siya ay isang mapagpakumbaba, tapat na alagad ni Kristo, at laging gumagawa ng mabuti saan man siya naroon. ... Siya ay pinarangalan at iginagalang ng lahat na nagpapahalaga sa marangal na kababaihang nakatalaga sa di-makasariling gawain sa pag-angat at pagpapabuti ng sangkatauhan. Ang kanyang kamatayan ay tanda ng pagkatawag ng isa pang bantug at nangungunang lider ng mga relihiyosong kaisipan, na ang buhay na halos ay 90-taon ay puspos at labis at labis ng mabubuting gawa, maamong mga salita, at mga maalab na panalangin para sa sangkatauhan.”

Ikaapat na Subukan—Walang Maling mga Propesiya

Ang iilang mga propesiya ni Ellen White ukol sa hinaharap ay madaling patotohanan. Ang mga sumusunod na paunang-sinabi ay katulad ng balita sa pang-umagang pahayagan, isinulat malaon pang panahon bago nagkaroon ng mga makabagong paraan ng paglalakbay. “Ang mga sakuna sa mga tren ay magiging madalas; ang kaguluhan, banggaan, at kamatayan na walang babala kahit isang saglit ay magaganap sa mga dakilang daan ng paglalakbay.”

Si Ellen White ay nabuhay sa panahon na ang mga manggagamot ay itinataguyod ang paninigariyo para sa kapakinabangan ng бага. Iba-iba ang mga opinyong pangkagamutan ang laganap ng panahong yaon na walang patibay ang agham. Ang nutrisyon ay hindi kilalang siyensya. Gayon man, sa ganitong kalagayan si Ellen White ay sumulat ng maraming tomo sa larangan ng kalusugan at nutrisyon. Si Dr. Clive MacCay, dating propesor ng nutrisyon sa Cornell University, ay nagsabi: “Sa kabila ng katotohanang ang mga sinulat ni Mrs. White ay malaon nang ginawa bago dumating ang makabagong siyensya ng nutrisyon, ay walang higit na mabuting patnubay ang masusumpungan ngayon.” Ipinahayag ng Biblia na sa mga huling araw ang kaloob na propesiya ay darating. Ang mga katibayan ay nagpapahayag na si Ellen White ay nakatugon sa bawat tiyak na pamantayan ng Biblia para sa tunay na propeta. Aming ninanais na kayo ay magkaroon at basahin ang ilan sa kanyang mga sinulat at sundin ang pamanhik ng Kasulatan na “huwag ninyong hamakin ang mga propesiya. Subukin ninyo ang lahat ng mga bagay; ingatan ninyo ang mabuti.” 1 Tesalonika 5:20, 21.

